



Republika ng Filipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO



26 Mayo 2017

Mahal na _____:

Malugod namin kayong inaanyayahan sa **Pandaigdigang Kongreso sa Araling Filipino sa Wikang Filipino, Pagbabalik, Pagbabantayog sa Filipino** na gaganapin sa **2-4 Agosto 2017** sa **Pambansang Museo, Lungsod Maynila**.

Itinataguyod ito ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Philippine Studies Association (PSA), Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA), Pambansang Museo, Filipinas Institute of Translation (FIT), Wika ng Kultura at Agham Ink (WIKA), at Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL).

Tatlong araw itong kumperensiya ng mga iskolar, propesor at guro, at estudyante ng iba't ibang larang ng pag-aaral hinggil sa Filipinas. Tampak sa Pandaigdigang Kongreso ang sumusunod:

- Plenaryong Sesyon ang mga pangunahing eksperto sa iba't ibang larang ng pag-aaral hinggil sa Filipinas na tatalakay sa mga pananaw, oryentasyon, at direksiyon nito, gaya ng mga Pambansang Alagad ng Sining na sina Dr. Bienvenido Lumbera, Dr. Ramon Santos, at iba pang iskolar gaya nina Dr. Nicanor Tiongson, Prop. Randy David, at Prop. Isaac Donoso
- Sabayang Sesyon na binubuo ng tatlong panel sa bawat sesyon. Mula sa napakaraming panukalang natanggap, pumili ng 60 saliksik at pinagpangkat-pangkat ang mga ito sa iba't ibang panel na nakatuon sa mga larang at paksang saklaw ng Araling Filipino o Philippine Studies
- pangkulturang pagtatanghal na sadyang inilaan upang makapagpahayag din ang mga alagad ng sining o artists ng kanilang saloobin at idea hinggil sa paksa ng kumperensiya, lalo na ang hinggil sa wika, kultura, at pagtatatag ng pamayanan at ng bansa, sa pamamagitan ng kanilang mga likhang sining
- paglulunsad ng serye ng aklat sa Araling Filipino na bahagi ng proyektong "Aklat ng Bayan" ng KWF

Bayarin sa rehistrasyon: PHP3,500 (non-refundable at para sa rehistrasyon, meryenda sa umaga, tanghalian, at meryenda sa hapon, souvenir program, kit (bag ng Kongreso, ID, atbp), at sertipiko). Hindi kasama ang akomodasyon. Upang makakuha ng deskuwento, maaaring magparehistro at magbayad bago 15 Hulyo 2017 (PHP3,000).


Kalakip ang tentatibong programa at polyeto na naglalaman ng reply slip na maaari ninyong ipadala sa amin upang maibilang kayo bilang opisyal na delegado.

Para sa mga detalye, maaaring makipag-ugnay kay Dr. Galileo S. Zafra o kay Jona S. Guarin sa 516-0326, 0998 3703023, at kongreso2017@gmail.com.

Umaasa kami sa inyong pakikilahok. Maraming salamat.

Sumasainyo,


VIRGILIO S. ALMARIO, National Artist
Tagapangulo, KWF


BERNARDITA R. CHURCHILL, PhD
Presidente Emeritus, Philippine Studies Association